
LanguageLinks.org
Philippine Languages to the World

# Chapter 2

## Ang Istruktura ng mga Verbal Klos sa Cebuano

**2.1 Introduksyon**. Ang verbal klos ay binubuo ng verb at ng mga argument nito. Ang verb ay isang predikeyt. Ito ay nagpapahayag ng aksyon o pangyayari. Ang argument ay nagpapakilala sa mga partisipant ng pangyayaring tinutukoy ng verb. Ang mga argument ng verb ay ang sabjek at mga komplement nito. Ang komplement ng verb ay nakapaloob sa V′ at ang sabjek, sa labas ng V′. Kaya ang mga komplement ay tinatawag na Internal Argument (IA) at ang sabjek External Argument (EA) (Radford 1997:162). Ito ang *argument structure* ng verbal predikeyt. Dinadayagram ito sa (1). Makikita ang EA sa [Spec,VP] at ang IA sa [komplement, VP]. Pansinin na pinapahayag rin sa istrukturang ito ang *VP-Internal Subject Hypothesis* na nagsasaad na ang [Spec,VP] ang orihinal na posisyon ng sabjek (p.156.)

1)





Ang sintaktik na pagbabalangkas ng (1) ay nangangailangan ng sapat na deskripsyon sa papel na ginagampanan (semantik rol) ng bawat argument ng verb upang maakawnt ang adekwasi ng *argument structure*. Ang mga semantik rol ay tinatagurian ding tematik rol o θ-rol. Ang ilan sa mga ito ay ang *AGENT* (ang gumagawa ng aksyon); *THEME o PATIENT* (ang nakakaranas sa epekto ng aksyon); *RECIPIENT/POSSESSOR* (ang tumatanggap o nagmamay-ari ng isang bagay), at iba pa (p.163).

Ang leksikal verb ang nag-aasayn ng θ-rol sa IA nito, at ang V′ [verb + komplement] ang nag-aasayn ng θ-rol sa EA (p.163ff). Maaaring *THEME o PATIENT* ang θ-rol na inaasayn ng verb sa IA at ito'y tatawaging Direk Objek, o *RECIPIENT* at tatagurian itong Indirek Objek. Inaasayn naman ng V′ ang θ-rol *AGENT* sa EA sa [Spec,VP]. Ang pag-aasayn ng θ-rol ay ginagawa sa inisyal merjer.[1]

Mahalaga rin sa *argument structure* ang Keys. Ito ang relasyon ng mga NP argument ng verb sa klos. Inuuri ni Chomsky ang keys sa dalawa: *inherent* at *structural*.[2] Alinsunod sa kanyang pagtatalakay nito sa (1999:10), interpretabol ang inherent Keys na nagtatakda ng semantik na mga relasyon ng verb at ng mga nawn komplement nito, halimbawa, ang Deytiv at Genetiv Keys. Ang *structural Case* naman ay binabatay sa konfigurasyon –sa pamamagitan ng relasyon ng mga argument sa element na pumipili sa kanila, tulad ng sabjek at objek ng verb. Ang Nominativ at Akyusativ Keys ay *structural.* Pinapakita ang klasifikasyong ito sa (2).

2)




[1] Tinataguriang objek ang mga IA at ang verb hed ang mag-aasayn ng θ-rol sa mga ito; sabjek naman ang EA at ang [Verb + IA] ang magbibigay ng θ-rol nito (Hornstein, et.al.2004: 72).

[2] Ang Tyuri ng Keys na tinatalakay dito ay ang kaugnay lamang sa *structural* Keys. Sinabi ni Chomsky na: "Ibang penomena ang *inherent* Keys na inaasayn lamang batay sa tematik na relasyon ng mga argument sa Keys asayner. Ito ay inaasayn at narereyalays sa loob ng domeyn ng θ-marker. . . Hindi naipapakita ang kaugnayan nito sa *structural* tyuri ng Keys. . ." (1995:386).

Sa pagtatalakay nito, ipinaliwanag ni Chomsky na ang ang papel na ginagampanan ng *structural Case* sa komputasyon ay ang pagpapatupad ng isang bagay na kailangang mangyari, ang *dislocation* o *displacement* ng SO. Ang Nominativ Keys ay inaasayn sa anumang konstityuent na nakapaloob sa sabjek posisyon. (p.13).[3]

Ang naaangkop na mga relasyong istruktural para sa lahat na *structural Case* ay ang konfigurasyong specifayer-hed : nominativ Keys para sa sabjek (kung saan ang Keys fityur ay chinechek sa [Spec,IP] o [Spec,TP]); at akyusativ Keys para sa direk objek (kung saan ang Keys fityur ay chinechek sa [Spec,AgrOP]o sa [Spec$_2$,*v*P]) (Hornstein et.al. 2005:351-352).

Kung binabatay sa relasyong hed-specifayer ang keys asaynment, may mga marker bang nagtatakda ng Keys? Gamit ang *lexicalist* tyuretikal freymwork, ito ang sinabi ng Reid at Liao (2003):

> Ang morfolojikal keys marking ng mga NP ay makikita sa Genetiv, Lokativ,at Oblique sa iilang mga wika, ngunit para sa karamihan ng mga wika, *word order* lamang ang panakda ng keys ng mga *Nominative full NP*. (p.1)
>
> Bagama't karamihan ng mga deskripsyon ng mga wika sa Pilipinas ang tumutukoy sa Determiner na nagtatakda ng Nominativ nawn bilang *case marker*, naniniwala kami na karamihan ng mga *full noun phrase* na Nominativ ay walang morfolojikal marking, at ang mga ito ay pinapakita unang-una sa pamamagitan ng *word order*. . . Ang Determiner na ginagamit bilang keys marker (halimbawa, ang *ang* sa Tagalog) ay hindi naiiba sa mga Determiner na nagtatakda ng anumang definit nawn, predikeyt man ito o topik. . . o ng definit internal komplement ng preys . . . Ang tanging fityur na makikita sa lahat ng mga NP na ito ay ang sematik fityur ng *definiteness*, hindi sintaktik keys. (p.28)

---

[3] Sa MP freymwork nitong papel, ang sabjek posisyon ay ang [Spec,*v*P] kung saan nakapaloob ang EA.

Language Links.org Philippine Languages to the World

Kaugnay sa pahayag na ito nina Reid at Liao, pinosit  rin ni Pearson (2001) na walang natatanging *case form* ang Nominativ NP sa Malagasy[4]. Klinasifay niya ang mga NP sa tatlo: (a) Predikeyt Preys (PredP)-internal objek; (b) PredP-internal *agent phrase* at mga posesor; (c) PredP-external NP. Ang nakagawiang Keys asaynment ng mga ito ay Akyusativ para sa (a), Genetiv para sa (b), at Nominativ para sa (c). Ngunit para kang Pearson, dahil nag-ooverlap ang distribusyon ng Genetiv at Nominativ, dalawa lamang ang Keys ng Malagasy: Akyusativ o objektiv Keys at Nominativ/Genetiv Keys o sabjektiv Keys. Dagdag nito, ipinaliwanag niya na ang kontrast ng mga anyong Genetiv at Nominativ ng mga pronawn ay hindi nagtatakda ng magkakaibang anyo ng Keys, bagkus nagpapakita lamang ito ng mga varyant ng iisang keys form: *strong* (*default*) at *weak* (clitic). Binigay niya ang tatlong Keys ng mga pronawn ng Malagasy: *strong* sabjektiv, *weak* sabjektiv, at objektiv (pp.39ff).

Susundan sa papel na ito ang pahayag ni Chomsky na ang *structural Case* (viz., Nominativ at Akyusativ) ay ang paraan ng komputasyon sa pagpapatupad ng *dislocation* o *displacement property* ng wika. Kaugnay nito, inaadap rin ang *claim* nina Reid at Liao (p.1) na "*word order* lamang ang pantakda ng keys ng mga *Nominative full NP*" at ang pinosit ni Pearson na walang natatanging pantakda ang Nominativ Keys (p.40).

Bukod sa mga argument, may iba pang mga element sa verbal klos tulad ng mga adverb na nagsasaad ng oras, lugar o paraan ng pagkakagawa ng aksyon. Ito'y mga adjangk (Radford 1997:162) na nagmomodifay ng klos o nagpapahayag ng karagdagang


---

[4] Ang Malagasy ay wikang Ostronesian na sinasalita sa Madagascar (Pearson: p.1).

Language Links.org Philippine Languages to the World

impormasyon tungkol sa nangyayari. Pinakita ang istruktura ng preys na may adjangk sa (12) ng Chapter 1, pahina 23. Ginagamit din ang expresyong ito sa pagtutukoy ng mga konstityuent na inaadjoyn sa ibang konstityuent upang mabuo ang isang *extended constituent* (p.252). Sinasabing ang adjangksyon ay isang paraan sa pagpoprojek ng klos sa pamamagitan ng modifikasyon. Kung may adjangk ang istrukturang VP sa (1), maipapakita ito sa dalawang segment kategori ($VP_1$ , $VP_2$) na nabuo sa adjangksyon ng YP. Tingnan ang (3).

3)




**2.2 Ang verbal klos sa Cebuano**. Ang verbal klos sa Cebuano ay binubuo ng verb at ng mga argument nito. Maaaring isa lamang o higit pa ang mga argument ng mga verb sa Cebuano.[5] Tingan ang (4a) kung saan ang V*nisinggit* ay may isang komplement, NP*ang mga biktima,* na gumaganap ng aksyon (*Agent o* Aktor). Tawagin nating EA ang Aktor. Dalawa ang komplement ng V*maglikay* sa (4b)*: ang kolektor* (EA) at *niana* –na tawagin naman nating IA. Tatlo naman ang komplement ng V*gihatagan* sa (4e) –*ni GMA* (EA), *ug insurance* ($IA_1$), *ang mga drayber sa taxi* ($IA_2$). Tunghayan ang hanayan ng mga verb at mga argument sa mga klos na ito sa (5).

[5] Ang mga verbal afiks na talakayin ay ang anim lamang na nakasaad sa (1.4) sa Chapter 1.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

4a) **Ni**singgit ang mga biktima.

AF(+B)[6]-sigaw TopM plu biktima

'Sumigaw ang mga biktima.'

4b) **Mag**likay ang kolektor niana.

AF(-B)-iwas TopM kolektor niyan

'Iiwas ang kolektor niyan.'

4c) **Ma**suko kanila ang mayor**.**

AF(-B)galit 3PluObj TopM meyor

"Magagalit ang meyor sa kanila"

4d) Kawat**on** ni Norma ang kwarta sa bata

OF(-B)nakaw AM Norma TopM pera ng bata

'Nanakawin ni Norma ang pera ng bata.'

4e) Gihatag**an** ni GMA ug insurance ang mga driver sa taxi.

BF (+B)-bigay AM GMA OM-insyurans TopM plu drayber ng taxi

'Binigyan nila ng insyurans ang mga draber ng taxi.'

4f) Ipalit ni Pedro ug balay sa Cebu ang iyang kwarta.

IF(-B)-bili AM Pedro OM-bahay LM Cebu TopM 3Sg.Gen-Lnk pera

'Ipambibili ni Pedro ng bahay sa Cebu ang kanyang pera.'

---

[6] Tingnan ang listahan ng mga abrevesyon.

(5) Ang parsing ng mga verbal klos (4a) hanggang (4f)

| Verb | Topik : ang + N | | EA | IA $_1$ (Objek$_1$) | IA$_2$ (Objek$_2$) |
|---|---|---|---|---|---|
| a. Nisinggit | ang mga biktima | | ang mga biktima | | |
| b. Maglikay | angkolektor | | angkolektor | niana | |
| c. Masuko | ang mayor | | ang mayor | kanila | |
| d. Kawaton | ang kwarta | sa bata | ni Norma | ang kwarta sa bata | |
| e. Gihatag**an** | ang mga driver | sa taxi | ni GMA | ug insurance | ang mga driver sa taxi |
| f. Ipalit | ang iyang kwarta | | ni Pedro | ug balay | ang iyang kwarta |

Ang *ang-Nawn* (viz., ang mga NP na may *ang* marker) na tinataguriang Topik ng klos ay ang argument ng verb na nakafokus -- ang komplement na sinasabkategorays ng verbal afiks ng verb. Halimbawa, ang mga verbal afiks **ni**-, **mag**-, at **ma**- sa mga klos (a) hanggang (c) ay nangangailangan o nagsasabkategorays ng Aktor topik, kung kaya ang *ang-NP* ng mga ito ay siya ring EA ng klos. Ang verbal afiks **–on** sa (d) ay nagsasabkategorays ng (direk) objek fokus; ang **–an** sa (e), ng benefisyari fokus at ang **i-** sa (f), ng instrument fokus.

Pinapakita sa (5) ang anim na verbal klos kasama ang kanilang mga argument. Hinati sa dalawa ang mga argument ng verb: ang EA na tumutukoy sa tagapagganap ng aksyon, at ang IA na tumutukoy sa ibang komplement. Makikita sa teybol na may mga klos na may dalawang IA – IA$_1$ at IA$_2$. Tinutukoy ng IA$_1$ ang direk objek at ng IA$_2$ ang iba pang objek ng verb sa loob ng klos. Ang leksikal verb na hed ng klos ay nangangailangan ng specifayer at komplement. Ang IA ang komplement ng klos sa kanan ng verb at ang EA naman ang specifayer ng klos sa kaliwa nito.

Language Links.org Philippine Languages to the World

Makikita na dalawang beses inilista ang *ang-Nawn* sa teybol –sa topik kolum at sa konfigurasyong sintaktik nito (viz. sabjek, EA; at objek, IA). Ang EA ang aktor (*Agent*) ng verb. Ito ang tinataguriang sabjek ng verbal klos. Kung hindi nakafokus ang EA, makikitang isang beses lamang itong nakalista sa teybol. Inaadap sa papel na ito ang EA bilang sabjek ng klos, alinsunod sa MP freymwork ng papel.[7]

**2.3 Ang isinasaad ng mga verbal afiks ng mga verbal klos sa Cebuano.**

*2.3.1 Fokus.* Ang pagsasabkategorays ng verbal afiks ng argument na tinatawag nating *ang-Nawn* ay isa sa mga infleksyon na pinapahayag ng verb. Ito ang fokus. Ang *ang-*Nawn ay tutukuying Topik sa papel na ito.

Ang *argument structure* ng mga verb preys tulad ng ipinakita sa (5) ay ang Verb kasama ang mga argument nito. Mauuri sa tatlo ang mga NP o DP komplement ng mga verb :

(6) Mga NP o DP argument ng mga verb sa Cebuano

| sa-Nawn[8] | ug-Nawn (-Def Objek) | PF ng mga NP/DP |
|---|---|---|
| sa + (mga) Komon Nawn | | sa (mga) bata |
| ni/nila ni + PN | | ni Pedro; nila ni Pedro ug Juan |
| kang/kanila ni + PN | | kang Jose; kanila ni Juan |
| sa-pronawn (personal) | | kanako, kanimo, kaniya, atbp. |
| | ug (mga) + objek | ug mga bulak |

[7] Kaugnay dito, pinosit sa Pearson (2001) na sa Malagasy, isang wikang VSO, hindi sabjek ang EA sa hulihan ng klos, ito ang topik. Dinederayv ito sa pamamagitan ng muvment. Ang *Agent* ng klos na kasunod ng verb ang sabjek dahil nasa posisyon ito kung saan ma-*c-command* nito ang direk objek. Kung susundan ang argumento ni Pearson, may topik at may sabjek ang verbal klos. Pinosit din ni Randriamasimanana (1983) ang pag-analays ng *Verb-Agent-Patient* order ng klos bilang Verb-Sabjek-Objek.

[8] Ang marker na *sa* ay nagpapakahulugan ng mga sumusunod: $sa_1$ =AM; $sa_2$= posesor; $sa_3$ =LM.

(7) Ang verb ay maaari ring tumanggap ng [Preposisyon + Nawn] sa istruktura nito.

| Preposisyon + Nawn | | Komplement |
|---|---|---|
| para sa + komon Nawn | para sa (mga) bata | Benefaktiv (komon nawn) |
| para kang/nila ni + PN | para kang/nila ni Pedro | Benefaktiv (Tao) |
| pinaagi sa + instrument | pinaagi sa kutsilyo | Instrument |

Pagsasamahin ngayon ang (6) at (7 bilang kabuuan ng mga komplement ng verb na maaaring gawing Topik (8).

(8) Mga Komplement ng Verb at Topikalisasyon

| | | Verbal Afiks | Topik Marker + N |
|---|---|---|---|
| sa-Nawn | sa (mga) bata | { ***mo-, mag-, ma-***} | ang mga bata |
| | ni/nila ni/kang ni + PN | | si /sila si Pedro |
| ug-Nawn (-Def Objek) | ug (mga) bulak | ***-on*** | ang bulak |
| Preposisyon + Nawn | para sa (mga) bata | ***-an*** | ang mga bata |
| | para kang Pedro | | si Pedro |
| | pinaagi sa kutsilyo | ***i-*** | ang kutsilyo |

Ang topikalisasyon ng komplement na sinasabkategorays ng verb ay nagaganap sa pamamagitan ng afiks ng verb at paglagay ng marker *ang* (*ang* + komon nawn at si/sila si + pangalan ng tao). Ang *ang* ay ang fonetik na anyo ng dalawang morpema: Fokus Marker at Keys Marker. [9]

Tunghayan ang karagdagang mga eksampol ng fokus sa verbal klos ng Cebuano.

[9] Pinapasalamatan si Dr. Jonathan Malicsi sa pagbigay-linaw sa katangiang ito ng –*ang* marker.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

*2.3.1.1 Aktor Fokus*

9a) **Mo**palit si Pedro ug balay sa Cebu para sa iyang igsoon
AF(-B)-bili TopM Pedro OM-bahay LM Cebu BM 3Sg.Gen-Lnk kapatid

pinaagi sa kwarta nga iyang natigom.
IM pera Lnk 3Sg.Gen-Lnk OF(+B)-impok

'Bibili si Pedro ng bahay sa Cebu para sa kanyang kapatid sa pamamagitan ng pera na kanyang naimpok.'

*2.3.1.2 Objek Fokus*

9b) Palit**on** ni Pedro ang balay sa Cebu para sa iyang igsoon

OF(-B)-bili AM Pedro TopM bahay LM Cebu BM 3Sg.Gen-Lnk kapatid

pinaagi sa kwarta nga iyang natigom.

IM pera Lnk 3S.Gen-Lnk OF(+B)-impok

'Bibilhin ni Pedro ang bahay sa Cebu para sa kanyang kapatid sa pamamagitan ng pera na kanyang naimpok.'

*2.3.1.3 Benefaktiv Fokus*

9c) Palit**an** ni Pedro ug balay sa Cebu ang iyang igsoon

BF(-B)-bili AM Pedro OM bahay LM Cebu TopM 3Sg.Gen-Lnk kapatid

pinaagi sa kwarta nga iyang natigom.

IM pera Lnk 3Sg.Gen-Lnk OF(+B)-impok

'Bibilhan ni Pedro ng bahay sa Cebu ang kanyang kapatid sa pamamagitan ng pera na kanyang naimpok.'

Language Links.org
Philippine Languages to the World

*2.3.1.4 Instrument Fokus*

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 9d) | **I**palit | ni | Pedro | ug | balay | sa Cebu | para sa | iyang | igsoon |
| | IF(-B)-bili | AM | Pedro | OM bahay | | LM Cebu | BM | 3SgGen-Lnk | kapatid |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ang | kwarta | nga | iyang | natigom. |
| TopM | pera | Lnk | 3Sg.Gen-Lnk | OF(+B)-impok |

'Ibibili ni Pedro ng bahay sa Cebu para sa kanyang kapatid ang pera na kanyang naimpok.'

Inilalarawan sa (2.3.1.1) hanggang (2.3.1.4) ang ibat-ibang anyo ng V*palit* batay sa argument na nakafokus. Hinanay sa (10) ang mga ito:

(10) Anyo ng Verb ($V_{beys}$ + V*afiks*) sa ibat-ibang Fokus

| | $V_{beys}$ + $V_{afiks}$ | V | Topik : *ang-NP* |
|---|---|---|---|
| AF | Mo- + $V_{beys}$ | mopalit | si Pedro |
| OF | $V_{beys}$ + -on | paliton | ang balay |
| BF | $V_{beys}$ + -an | palitan | ang iyang igsoon |
| IF | I- + $V_{beys}$ | ipalit | ang kwarta |

Ang anyo naman ng mga komplement na hindi naging topik ay binibigay sa (11):

(11) Ang anyo ng mga argument kapag hindi topik:

| - Fokus | NP Komplement: NM + N | PF ng NP |
|---|---|---|
| Aktor | ni/nila ni + PN<br>sa (mga) + komon Nawn | ni/nila ni Pedro<br>sa mga tawo |
| Objek | ug (mga) + objek | ug balay |
| Benefaktiv | para sa + komon Nawn<br>para kang/nila ni + PN | para sa bata<br>para kang Pedro |
| Instrument | pinaagi sa + instrument | pinaagi sa kwarta |

Language Links.org Philippine Languages to the World

Sa gamit, ang fokus ay maihahambing sa voys o keys sa mga wikang kanluranin. Ang pagkakaiba lamang sa dalawa ay baypolar ang voys at multipolar ang fokus (Holmer 1995:5). Apat na voys o keys ang binigay ni Wolff (1972: xv): aktiv, direk pasiv, lokal pasiv, at instrumental pasiv. Mapapansin na klinasifay ni Wolff ang mga Cebuano verb batay sa aktiv-pasiv daykotomi, kung saan may aktiv voys at tatlong uri ng pasiv voys. Sa papel na ito ang mga verb ay kinaklasifay batay sa mga argument na sinasabkategorays ng verb ng klos.

*2.3.1.5 Ang mga Personal Pronawn sa Cebuano.* Ang mga personal pronawn ay inflekted para sa Namber (Singular o Plural); *Person* (1st, 2nd, 3rd) at Keys. Ang mga pronawn ay fangksyonal kategori, tulad ng ipinakita sa hanayan ng mga valyu ng leksikal at fangksyonal fityur sa (5) ng Chapter 1 (pahina 17). Batay sa Radford (1997;41ff) hindi tinatawag na personal pronawn ang mga ito dahil silay tumutukoy sa katangian ng tao, kung hindi dahil sa pagpapahayag ng mga ito sa gramatikal na mga katangian ng *Person* – na tumutukoy kung sino ang kumakausap (1st *Person*), ang kinakausap (2nd *Person*), at ang pinag-uusapan (3rd *Person*). Nag-iiba rin ang anyo ng mga pronawn alinsunod sa posisyon nila sa klos –sabjek o objek.

Walang katangiang deskriptiv ang mga pronawn. Pawang mga gramatikal lamang na katangian ang taglay nito–person, namber, jender at Keys. Binanggit ni Radford na ang pag-aaral nila Postal (1966), Abney (1987) at Longford (1994) ay nagmumungkahi na Det(erminer) ang gramatikal kategori ng pronawn. Ang pagtukoy ng mga personal pronawn bilang Det ay isa lamang sa mga fangksyon ng mga personal pronawn.

LanguageLinks.org Philippine Languages to the World



Ginagamit ito sa Cebuano klos tulad ng DP*ilang balay* na maaaring i-*parse* bilang [$_{DP}$ [$_{Det}$*ilang* [$_{N}$*balay*] ] ]. Kailangan itong pag-aralan bilang Det sa kategoring fankgsyonal sa lexicon ng wikang Cebuano. Ganunpaman, inaasyum sa papel na ito na *polycategorial* ang pronawn at ginagamit bilang nawn sa distribusyon sa loob ng klos.

Kaugnay sa fokus, binibigay sa (12) ang iba't-ibang anyo ng mga personal pronawn na nakafokus.

12) Personal Pronawn sa Cebuano : Nakafokus

| Namber | Singular | Dual | Glos | Plural | Glos |
|---|---|---|---|---|---|
| Person | | | | | |
| 1 | ako/ko | kita/ta | ako ug ikaw | kita | ako ug kamo[10] |
| | | kami/mi | ako ug siya | kami | ako ug sila |
| $2^{d}$ | ikaw/ka | kamo/mo | ikaw ug siya | kamo | ikaw ug sila |
| 3 | siya | sila | siya ug siya | sila | siya ug sila, ubp. |

Binibigay sa (13) ang distribusyon ng mga personal pronawn sa klos.

13a) Moadto **ako/ko** sa Cebu.

AF(-B)-punta 1SgTop LM Cebu

'Pupunta ako sa Cebu.'

13b) Magluto **kita**-g[11] pansit.

AF(-B)luto 1Plu*incl*-Top-OM pansit

'Magluto tayo ng pansit.'

[10] Dalawa ang anyo ng plural sa $1^{st}$ person: *kita* (ispiker at $2^{nd}$ person-inklusiv); at *kami* (ispiker + $3^{rd}$ person-eksklusiv)

[11] Ang determiner *ug* ay kinontrak at kinabit sa pronawn na sinundan ng objek NP nito

LanguageLinks.org
Philippine Languages to the World

13c) Palitan **ikaw/ka** nila ug regalo.

BF(-B)-bili 2SgTop 3PluGen*Agent*[12] OM regalo

'Bibilhan ka nila ng regalo.'

13d) Masuko **kami** kanila.

AF(-B)galit 1PluTop Dey3Plu

'Magagalit kami sa kanila.'

13e) Tawgon **kamo** sa program ugma.

OF(-B)-tawag 2PluTop $OM_{def}$ programa bukas

'Tatawagin kayo sa programa bukas.'

*2.3.2 Ang Keys.*[13] Keys ang nagtatakda sa relasyon ng NP argument sa verb ng klos. Ito ang nagsasaad ng sintaktik na papel na ginagampanan ng mga DP o NP komplement ng klos. Alinsunod sa freymwork na ginagamit sa papel na ito, ipinagpalagay na taglay ng EA ang Nominativ Keys. Akyusativ ang Keys ng DP/NP objek; Genetiv ang sa posesiv adjektiv; at Deytiv ang sa mga indirek objek. Intrinsik na katangian ng verb ang Keys, *[(assign) accusative Case]* at inaasayn ito ng verb sa internal argument nitong DP/NP. Ang T naman ang magchechek sa Keys ng sabjek dahil taglay nito ang katangiang *[(assign)nominativ Case*] (Chomsky 1995a:368). Nominativ ang Keys ng DP/NP sabjek; Pinapakita ng mga klos sa (14) ang ibat-ibang gamit ng mga Keys: Nominativ (Nom), Akyusativ(Aky), Deytiv (Dey), at Genetiv (Gen).

[12] Ginagamit ang Genetiv marking para sa Keys ng pronawn *Agent* na hindi nakafokus.
[13] *Structural Case* ang tinutukoy dito.

LanguageLinks.org
Philippine Languages to the World

| | | | |
|---|---|---|---|
| 14a) | Mibisita | siya | kanamo. |
| | AF(+B)bisita | 3SgTop | 1PluDey |

‘Bumisita siya sa amin.’

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 14b) | Gipalitan | niya | kamo-g | mga libro. |
| | BF(+B)bili | 3SgGen*Agent* | 2PluTop-OM | plu libro |

‘Binilhan niya kayo ng mga libro.’

| | | | |
|---|---|---|---|
| 14c) | Gihigugma | ko | ikaw. |
| | OF(+B)ibig | 1SgGen*Agent* | 2SgTop |

‘Iniibig kita.’

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 14d) | Gikawat | namo | ang | iyang | kwarta. |
| | OF(+B)nakaw | 1Plu*Agent*Gen | TopM | 3SgGenLnk | pera |

‘Ninakaw namin ang kanyang pera.’

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 14e) | Among | kawaton | ang | kwarta | niya. |
| | 1*Agent*GenLnk | OF(-B)nakaw | TopM | pera | 3SgGen |


‘Nanakawin namin ang pera niya.’

*2.3.3 Aspek*[14] *ng mga verb sa Cebuano*. Aspek ang infleksyon ng verb sa Cebuano na nagpapahayag sa istado ng aksyon. Hindi ito katugma sa Tens na nagsasaad ng kapanahonan ng aksyon (pangkasalukuyan, pangnagdaan, at hinaharap). Ito ang nagsasabi kung ang aksyon ay nasimulan na o hindi pa, tapos na o kasalukuyang ginaganap, paulit-ulit na ginagawa o mangyayari pa sa hinaharap. Tinutukoy nito ang

[14] Isang morfolojikal na pagtiyak kung ang isang salita ay Verb: Ito lamang ang naiinflek para sa aspek ayon sa Schachter (1985).

simula, durasyon, kaganapan ng aksyon na hindi binabatay sa panahon o Tens. Maaaring taguriang [+B] ang aksyon na sinimulan na at [-B] ang hindi pa nasimulan. May dalawang realisasyon ang aksyong [-B]: sa aksyong pinaplanong gawin at sa utos o komand (imperativ); at ang [+B] sa aksyong sinimulan na at tapos na (Perfektib) o kasalukuyang ginagawa pa o paulit-ulitna ginagawa (Progresib). Ang aspek sa Cebuano ay nakadayagram sa (15):

(15) Ang Aspek ng mga SVK sa Cebuano




*2.3.3.1 Aspek sa Aktor Fokus na verbal afiks Mag-*. Makikita sa mga klos (16a) hanggang (16e) ang iba-ibang anyo ng verbal afiks *mag-* na ininflek sa aspek. Klinasifay sa dalawa ang Aspek: [-B] na narealays bilang *mag-*; at [+B], *nag- at naga-*[15]. Kalimitan *nag-* ang ginagamit para sa Perfektib at Progresib na aspek ng [+B].

[15] Ang [+B] *naga-* ay kalimitang naririnig sa Davao at sa ilang pook sa Bohol.

LanguageLinks.org
Philippine Languages to the World



16a) Maghuwat ko sa imong tambag.

AF(-B)-hintay 1SgTop OM$_{def}$2SgGenLnk payo

'Maghihintay ako sa iyong payo.'

16b) Naghulat ang maestra sa iyang tambag.

AF(+B,Prog)-hintay TopM guro OM$_{def}$3SgGen-Link payo

'Naghihintay ang guro sa kanyang payo.'

16c) Naghulat si Juan ug bus gahapon.

AF(+B,Perf)-hintay TopM Juan OM bus kahapon

'Naghintay si Juan ng bus kahapon.'

16d) Nagagamit ug mga simbolo ang magbabalak

AF(+B)[16] OM- plu simbolo TopM makata

'Gumamit/Gumagamit ng mga simbolo ang makata.'

16e) Nagagikan sa dakbayan sa Ozamiz ang mga sundalo.

OF(+B)galing LM lungsod pos Ozamiz TopM plu sundalo

'Nanggaling/Nanggagaling sa lungsod ng Ozamiz ang mga sundalo.'

Sa ordinaryong gamit, nagpapalitan kung minsan ang *mag-* at *mo-* sa parehong konteksto: *magpalit* at *mopalit* (bibili); *magsulat* at *mosulat* (susulat); *mag-inom* at *moinom* (iinom). Ganunpaman, hindi ito nagpapahiwatig na pareho ang kahulugan ng verb na nabuo mula sa isang Verb$_{beys}$ na kinakabitan ng iba-ibang mga afiks. Tingnan ang (17).

[16] Ang [+B] dito ay maaring progresib (gumagamit) o perfektib (gumamit).

Language Links.org
Philippine Languages to the World

17a) Mokita siya-g 250 pesos ang adlaw.

AF(-B)-kita 3SgTop-OM 250 pesos isang araw

'Kumita/Kumikita siya ng 250 pesos bawat araw.'

17b) Magkita[17] sila sa Lunes.

$AF_r$(-B)-kita 3PluTop sa Lunes

'Magkikita sila sa Lunes.'

17c) Makita nila ang nindot nga balay ugma.

OF(-B)kita 3PluGen*Agent* TopM maganda Lnk bahay bukas

'Makikita nila ang bahay na maganda bukas.'

17d) Mangita[18] kami-g trabaho sa Manila.

AF(-B)hanap 1PluTop-OM trabaho LM Manila

'Maghahanap kami ng trabaho sa Manila.'

*2.3.3.2 Aspek ng Aktor Fokus na verbal afiks Mo-*. Pinakikita naman sa mga klos (18a) hanggang (18e) ang mga anyo ng verbal afiks *mo*-: *Mo*- sa [-B], at *mi-, ni-, ning-* at *hing-* sa [+B][19].

---

[17] Ang gamit nitong verbal afiks *mag*- ay nagsasaad ng resiprokaliti o mutwal na aksyon ng mga aktor argument ng verb.

[18] Ginagamit ang *mang*- bilang opsyonal pluralayser ng mga AF verb *mag*- at *mo*- at ang varyant nitong *manga*- sa verbal afiks *ma*-.

[19]Sa isang dayalektolojikal na pag-aaral sa barangay Bugo, Cagayan de Oro, (populasyon: humigit-kumulang 25,000), tiningnan kung alin sa kompeting form ng verbal afiks *mo*- [+B] ang malimit na ginagamit. Dalawang *mo-verb* –mopalit (bibili) at moadto (pupunta)- ang sampol na binuo ng 82 respondent. Sa verb *mopalit* : 37% ang gumagamit ng *mi-form (*mipalit); 22% ang gumagamit ng *nipalit*; 2%, *ningpalit*; 7%, *mingpalit; hingpalit* at iba pang anyo, 32%. Sa verb

LanguageLinks.org
Philippine Languages to the World

18a) Mokaon kini-g pansit.
AF(-B)-kain DemPTop-OM pansit
'Kakain ito ng pansit.'

18b) Misunod ang mayor.
AF(+B)-sunod TopM mayor
'Sumunod ang meyor.'

18c) Nireport sa kapulisan ang mga biktima.
AF(+B) sa mga pulis TopM plu biktima
'Nagreport sa mga pulis ang mga biktima.'

18d) Ningbalik ang kawatan mga alas 7:45 sa gabii.
AF(+B)-balik TopM magnanakaw mga alas 7:45 ng gabi
'Bumalik ang magnanakaw mga alas 7:45 ng gabi.'

18e) Hingsulod sa basket ang misay.
AF (+B)pasok LM basket TopM kuting
'Pumasok sa basket ang kuting.'

*2.3.3.3 Aspek ng Aktor Fokus na verbal afiks Ma-$_{1}$.* Pinapakita sa mga klos (19a) at (19b) ang mga anyo ng verbal afiks *ma-*: sa [-B] *ma- ;* sa [+B] *na-*.

19a) Maulaw mi kang Juan.
AF(-B)hiya 1PluTop OM Juan
'Mahihiya kami kay Juan.'

---

*moadto* : 35% ang gumagamit ng *niadto,* 27% ng *miadto,* 5% ng *ningadto,* 4% ng *mingadto,* 29% sa ibang anyo. Malimit na gamit ang pinag-uusapan dito, ang iba pang varyabol ay "gumagamit paminsan-minsan," "hindi talaga gumagamit." (Rubrico, 2002, hindi pablis.)

Language Links.org
Philippine Languages to the World



19b) Nahadlok ang bata sa iro.

AF(+B)takot TopM bata $OM_{def}$ aso

'Natakot/Natatakot sa aso ang bata.'

*2.3.3.4 Aspek ng Objek Fokus na verbal afiks –on*: *-on* sa [-B], tingnan ang (20); at *gi-* sa [+B], (19b):

20a) Dakpon[20] sa mga pulis ang ilang igsoon.

OF(-B)dakip AM plu pulis TopM 3PGenLnk kapatid

'Dadakpin ng mga pulis ang kanilang kapatid.'

20b) Gitago sa mga kriminal ang mga ebidensya sa krimen.

OF(+B)tago AM plu kriminal TopM plu ebidensya pos krimen

'Tinago/Tinatago ng mga kriminal ang ebidensya sa krimen.'

2.*3.3.5 Aspek ng Benefaktiv fokus na verbal afiks –an*: *-an* sa [-B]; *gi-* + V + -an sa [+B].

21a) Buhian ang suspetsado.

BF(-B)laya TopM suspek

'Palalayain ang suspek.'

21b) Gibuhian ang suspetsado.

BF(+B)laya TopM suspek

'Pinalaya ang suspek.'

---

[20] Verb dakop + $V_{afiks}$ –on = dakopon > (deletion) > dakpon

Language Links.org
Philippine Languages to the World



*2.3.3.6 Aspek ng Instrument/konveyans*[21] *fokus na verbal afiks i-*: *i-* sa [-B] at *gi-* sa [+B].

22a) Ilusad ang Oplan Ecleo karong adlawa.

IF(-B)tupad TopM Oplan Ecleo ngayon-Lnk araw na ito

'Ipatutupad ang Oplan Ecleo ngayong araw na 'to.'

22b) Gisugyot usab ang total log ban.

IF(+B)mungkahi rin TopM total log ban

'Iminungkahi rin ang total log ban.'

22c) Ibaligya ni Mayor Emano ang City Hall sa Cagayan de Oro.

IF(-B)benta AM Mayor Emano TopM City Hall LM Cagayan de Oro

'Ibebenta ni Mayor Emano ang City Hall ng Cagayan de Oro.'

22d) Ihiklin una ang pulitika.

IF(-B)liban muna TopM pulitika

'Ipagpapaliban muna ang pulitika.'

22e) Gibalhin sa kwarto ang lamisa.

IF(+B)lipat LM kwarto TopM mesa

'Inilipat sa kwarto ang mesa.'

[21] Ang verbal afiks *i-* ay ginagamit sa instrument fokus at sa pagpahiwatig ng konveyans ng sabjek o pagpatupad ng aksyon ng sabjek. IF ang gagamiting notasyon para sa lahat na fokus ng *i-* verb.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

Makikita na dalawa lamang ang klasifikasyon ng infleksyon sa Aspek: (+B), kung nasimulan na ang aksyon; at (-B), kung pinaplano pa lamang ang aksyon at sa paulit-ulit na aksyon. Pinapakita sa (23) ang samari sa Aspek ng mga verbal afiks na natalakay.

(23) Ang mga verbal infleksyon batay sa Aspek

| Verbal Afiks | Fokus | +B | -B | Halimbawa |
|---|---|---|---|---|
| *mo-* | Aktor | mi-, ni-, ning-, ming-, hing- | mo- | mopalit; mipalit |
| *mag-* | Aktor | nag-, naga- | mag- | magpalit; nagpalit |
| *ma-* | Aktor | na- | ma- | maulaw; naulaw |
| *-on* | Direk Objek | gi- | -on | tagoon, gitago |
| *-an* | Indirek Objek | gi-. . .-an | -an | buhian; gibuhian |
| *i-* | Instrument | gi- | i- | ilusad; gilusad |

Nakatabyuleyt sa (24) ang mga anyo verbal afiks na ginagamit sa pagpakita ng infleksyon ng verb : fokus, aspek, at Keys.

(24) Verbal afiks na nagpapakita ng verbal infleksyon

| Fokus | Aspek | Verbal Afiks | Keys |
|---|---|---|---|
| Aktor (mag-V) | - B | *mag-* | *nominativ* |
| | + B | *nag-, naga-* | |
| Aktor (mo-V) | - B | *mo-* | *nominativ* |
| | + B | *mi-, ni-, ning-, ming-, hing-* | |
| Aktor (ma-V) | - B | *ma-* | *nominativ* |
| | + B | *na-* | |
| Objek | - B | *-on* | *aksyusativ* |
| | + B | *gi-* | |
| Benefaktiv | - B | *-an* | *deytiv* |
| | + B | *gi- . . . -an* | |
| Instrument | - B | *i-* | *instrument* |
| | + B | *gi-* | |

Language Links.org Philippine Languages to the World

**2.4 Word Order ng Verbal Klos sa Cebuano**. Verb inisyal ang beysik order ng verbal klos sa Cebuano. Kasunod ng verb ang mga komplement nito. Sa pangkalahatan, mahahati sa dalawa ang verbal klos sa Cebuano: ang VP at ang *ang*-NP na tinutukoy na topik[22] ng klos. Mapapansin ang istruktura ng klos sa (25) : V + EA. Matutukoy ang order na ito bilang Verb- Sabjek (VS).

| 25) V P | *ang*-NP (EA) | Glos |
|---|---|---|
| a) Nisinggit | ang mga biktima | *'Sumigaw ang mga biktima.'* |
| b) Nasuko | sila | *'Nagalit sila.'* |
| c) Magpansit | ang mga kusinera | *'Magpapansit ang mga kusinera.'* |

Ang klos sa (25a) ay may direk objek. Ang istruktura nito'y Verb-Objek-Sabjek (VOS). Ngunit makikitang pumapagitna ang sabjek sa verb at sa objek nito sa (26b), samakatwid naging diskontinyus ang VP at ang istruktura nito ay nagiging Verb-Sabjek-Objek (VSO).

26a) Mopalit ug balay si Pedro. (Glos: *'Bibili ng bahay si Pedro.'*)

Verb Objek/IA Sabjek/EA

26b) Mopalit si Pedro ug balay.

Verb Sabjek/EA Objek/IA

Tinatanggap ang dalawang order (26a) at (26b). Ngunit may obligatori muvment kung personal pronawn ang *ang-NP*. Tunghayan ang (27) kung saan pinapatupad ang

[22] Ang ang-NP sa mga klos sa (25) ay siya ring EA, kaya ito rin ang sabjek ng klos.

obligatori muvment ng *ang-Pronawn* galing sa klos faynal (26b) upang tumabi sa sabjek (EA) ng klos –samakatwid, pumapagitna ito sa sabjek at objek. Naging Verb-Sabjek-Indirek Objek (IO)-Direk Objek mula sa Verb-Sabjek-Direk Objek-Indirek Objek(27c). Opsyonal naman ang *ang-NP* sa (28) kung saan Indirek Objek ang nakafokus.

| 27) | Verb Preys | ang-NP | Glos |
|---|---|---|---|
| a) | Palitan nilag regalo | si Maria | *'Bibilhan nila ng regalo si Maria.'* |
| b) | Palitan nila-g regalo | siya | *'Bibilhan nila siya ng regalo.'* |
| c) | Palitan nila siya-g regalo | | |

28a) Palitan ni Pedro ug balay ang iyang igsoon.

Verb Sabjek Direk Objek Indirek Objek (Topik)

Glos: *Bibilhan ni Pedro ng bahay ang kanyang kapatid*

28b) Palitan ni Pedro ang iyang igsoon ug balay.

Verb Sabjek Indirek Objek Direk Objek

May mga klos din na nauna ang sabjek o ang-NP tulad ng nakikita sa mga *online* na mga diyaryo. Ito ang istilo ng karamihan sa mga peryodiko.

29) Aktor Inisyal na Order sa Aktor Fokus na Verbal klos

a) Si Halandon-g Ricardo Kardinal Vidal di makapahigayon

TopM-Kagalanggalang-Lnk Ricardo Kardinal Vidal Neg AFApt(-B) panguna

sa tradisyunal nga misa sa nagkalainlaing parokya sa lalawigan sa Sugbo.

OM tradisyonal Lnk misa LM iba-ibang parokya LM probinsya pos Cebu

Language Links.org
Philippine Languages to the World

'Si Kagalanggalang Rikardo Kardinal Vidal hindi makapanguna sa tradisyonal na misa sa iba't-ibang parokya sa probinsya ng Cebu.'[23]

b) Si Senador John Osmeña mibaligtad ngadto sa oposisyon.

TopM Senador John Osmena AF(+B)-baligtad tungo LM oposisyon

'Si Senador John Osmeña bumaligtad sa oposisyon.'

c) Ang lider sa PBMA anha na magpuyo sa iyang balay sa Banawa.

TopM lider pos PBMA diyan na AF(-B)tira LM 3SgGenLnk bahay LM Banawa

'Ang lider sa PBMA diyan na titira sa kanyang bahay sa Banawa.'

d) Ang mga doctor wa pa makatino sa kaluwasan sa Action King.

TopM plu doktor neg part AptM.AF(-B)tiyak OM kaligtasan pos Action King

'Ang mga doktor hindi pa makakatiyak sa kaligtasan ng Action King.'

e) Ang City Hall mo-release karong semanaha sa kantidad nga P360,000.

TopM City Hall AF(-B)-labas ngayonLnk linggo OM halaga Lnk P360,000

'Ang City Hall magpapalabas ngayong linggo ng halagang P360,000.'

f) Ang kaparian midayeg sa hukom ni GMA.

TopM mga pari AF(+B)-puri OM desisyon pos GMA

'Ang mga pari nagbigay puri sa desisyon ni GMA.'

---

[23] Batay sa mga datus, kalimitang nauuna ang aktor-preys o "ang-NP" sa mga verbal klos sa *online* na mga diyaryo.

LanguageLinks.org
Philippine Languages to the World



Makikita sa (30) ang order ng mga klos sa (29) at ang *conflation* nitosa (31):

30a) Sabjek - (Neg) Verb- DO- LP

b) Sabjek –Verb- PP (obligatori PP)

c) Sabjek- Verb-Lok

d) Sabjek-NegVerb-PP (obligatori PP)

e) Sabjek-Verb-Adv-Objek

f) Sabjek-Verb-Objek

31) Sabjek + (Neg)Verb + (Adv) + { Objek / obligatori PP / LP }

Makikita sa salin ng mga klos sa (28) na ang inisyal na posisyon ng mga aktor ay *Fronting* lamang (o paglagay sa konstityuent sa unahan) upang mabigyan ang mga ito ng emfasis. Ganunpaman, malimit na nakikita ang ganitong order sa mga teksto sa Cebuano. Mga 80 porsyento ng datus mula sa mga *online* na diyaryo ay Aktor o *ang- NP* inisyal.

Maaring nagpapakita rin ito sa malayang word order sa Cebuano kasi kahit sa pananalita malimit ding ginagamit ang aktor-Nom o ang-NP sa unahan ng mga klos. Kung hatiin sa dalawa ang mga klos sa (29): Sabjek at VP, makita na pwedeng baligtarin ang order ng mga ito. Tunghayan sa (32).

| (32) Malayang Palitan ng Order ng **ang-NP/** at VP sa verbal klos sa Cebuano | |
|---|---|
| a) Si Senador John Osmeña | mibaligtad ngadto sa oposisyon |
| mibaligtad ngadto sa oposisyon | si Senador John Osmeña |
| b) Ang lider sa PBMA | anha na magpuyo sa iyang balay sa Banawa |
| Anha na magpuyo sa iyang balay sa Banawa | ang lider sa PBMA |
| c) Ang mga doctor | wa pa makatino sa kaluwasan sa Action King |
| Wa pa makatino sa kaluwasan sa Action King | ang mga doctor |
| d) Ang City Hall | mo-release karong semanaha sa kantidad nga P360,000 |
| Mo-release karong semanaha sa kantidad nga P360,000 | ang City Hall |
| e) Ang kaparian | midayeg sa hukom ni GMA |
| Midayeg sa hukom ni GMA | ang kaparian |

Samantala, mas malimit ding ginagamit sa Cebuano ang inisyal na posisyon ng mga Personal Pronawn na may anyong Genetiv. Pre-verbal ang posisyong ito na tumatanggap ng *linker -ng* sa pagitan nito at sa verb ng klos. Ginagamit din ang post-verbal na personal pronawn genetiv (aktor) sa verb inisyal na mga klos. Binibigay sa (33) ang posisyong inisyal ng mga ito. Makikita ang order na (Adv)[24]– Aktor – Lnk – Verb – ang-NP –PP.

33) Posisyong inisyal ng mga aktor na hindi nakafokus sa verbal klos

a) Ila dayong giawhag ang tanang Dipolognon sa pagsuporta kanila

3PluGen*Agent* part.Lnk OF(+B)himok TopM lahat.Lnk taga-Dipolog sa pagsuporta sa kanila.

'Kanilang agad hinimok ang lahat na mga taga-Dipolog na sumuporta sa kanila.'

---

[24] Adverb ang tumutukoy sa konstityuent ng sentens na nagmomodifay ng verb tulad ng panahon ng aksyon. Maari itong ilagay sa posisyong inisyal o faynal sa klos.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

b) Ato usab nga tabangan ang kapulisan.

*Agent*1Plu rin Lnk BF(-B)tulong TopM mga pulis

'Atin ding tulungan ang mga pulis.'

c) Karong Domingo ato na usab nga masaksihan

NgayonLnk Linggo 1PluGen*Agent* part naman Lnk OFAptM(-B)-saksi

ang mabulukong Sinulog.

TopM makulayLnk Sinulog

'Ngayong Linggo atin na namang masasaksihan ang makulay na Sinulog.'

34) Pagpalitan ng pre-verbal at postverbal na anyo ng genetiv personal pronawn

| Pre-verbal | Post-verbal |
|---|---|
| a) Ila dayong giawhag | giawhag dayon nila |
| b) Ato usab nga tabangan | tabangan usab nato |
| c) Ato na usab nga masaksihan | masaksihan na usab nato |

Pinapakita naman sa (35) ang posisyon ng aktor na nakafokus sa verb inisyal na mga klos at sa (36) ang posisyon ng mga aktor na hindi nakafokus sa verb inisyal na klos:

35) Posisyon ng Aktor na nakafokus sa Verb Inisyal na mga Klos

a) Naghilak ang iyang kumare Lucia.

AF(+B)iyak TopM 3SgGenLnk kumare Lucia

'Umiyak ang kanyang kumare Lucia.'

Language Links.org
Philippine Languages to the World



35b) Maghuwat ko sa imong tambag.

AF(-B)hintay 1SgTop OM 2SgGenLnk payo

'Maghihintay ako sa iyong payo.'

c) Nireport ang mga biktima sa kapulisan.

AF(+B)report TopM plu biktima sa mga pulis

'Nagreport ang mga biktima sa mga pulis.'

d) Maghimo ta-g survey.

AF(-B)gawa 1PluTop-OM sarbey

'Gagawa tayo ng sarbey.'

e) Nakadawat na kamig bonus sa Disyembre

AF.AptM(+B)tanggap na 1PluTopOM bonus sa Disyembre

'Nakatanggap na kami ng bonus sa Disyembre.'

(36) Samari ng word order ng mga klos sa (31):

| Verb | (Part) | Sabjek | Objek | PP |
|---|---|---|---|---|
| a) Naghilak | | ang iyang kumare Lucia | | |
| b) Maghuwat | | ko | sa imong tambag | |
| c) Nireport | | ang mga biktima | | sa kapulisan |
| d) Maghimo | | ta | -g survey. | |
| e) Nakadawat | na | kami | -g bonus | sa Disyembre |

Language Links.org
Philippine Languages to the World



37) Posisyon ng mga aktor na hindi nakafokus sa verb inisyal na klos:

a) Gihulat na lang namo siya.

OF(+B)hintay na lang 1Plu*Agent*Gen 3SgTop

'Hinihintay na lang namin siya.'

b) Gihangyo ni Tabor ang ilang kooperasiyon'

OF(+B)hingi AM Tabor TopM 3luGen-Lnk kooperasiyon

'Hiningi ni Tabor ang kanilang kooperasyon.'

c) Isakripisiyo ni Lea ang iyang bakasyon sa Pilipinas.

KF(-B)sakripisyo AM Lea TopM 1SgGen-Lnk bakasyon LM Pilipinas

'Isasakripisyo ni Lea ang kanyang bakasyon sa Pilipinas.'

d) Subhan usab ni Arroyo ang solar energy plant sa Cagayan de Oro Power.

OF(-B)pasinayaan din AM Arroyo TopM solar energy plant LM Cagayan de Oro Power

'Papasinayaan din ni Arroyo ang solar energy plant sa Cagayan de Oro Power.'

38) Word Order sa mga klos mula (25) hanggang (37)

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| a) verb | + sabjek | | | VS |
| b) verb | + objek | + sabjek | | VOS |
| verb | + sabjek | + objek | | VSO |
| c) verb | + aktor | + objek | + sabjek | V(A)OS |
| verb | + aktor | + sabjek | + objek | V(A)SO |
| d) sabjek | + verb | + objek | + PP | SVO+PP |
| verb | + objek | + PP | + sabjek | VO(PP)S |